Saan Ako Nagmumula
3-30 ng Agosto 2020

Curated by *_inventory* Platform
Suportado ng Yinka Shonibare Foundation, Ministry of Culture, Taiwan at Pineapple Lab

Ang ***Saan Ako Nagmumula*** ay isang *digital residency* na magaganap sa loob ng isang buwan, patungkol sa apat na uri ng wikang kasalukuyang ginagamit at sinasambit ng mga mga taong nangibang-bayan o matatawag na *migrants*, silang mga galing sa natatanging komunidad na ito, na mayroong kinikita at nakikitang ambag sa ekonomiya ng Britanya ngunit tila nanatiling mga taong hindi nakikilala o nakikita: mga tao na may wikang *Filipino, Taiwanese, Yoruba* at *Berber*. Sa pakikipag-ugnayan sa mga naturing na komunidad sa *UK,* ang proyekto ay naglalayon na maglaan ng lugar na magsisilbing puwang upang kilalanin ang iba't ibang kultura at tradisyon, at kumakaharap sa mga mapanghamong usapin tungkol sa mapagbukod na wika ng pagkonsumo at produksyon ng sining at kultura.

Ang programa ay naglalayong buksan ang usapin patungkol sa tila mapagbukod na wika ng pagkonsumo at produksyon ng sining at kultura, habang isinasaalang-alang ang mas malawak na paggalaw ng mga pangkulturang manggagawa't manlilikha na tila hindi nakikita o tila nawawala sa mga pandaigdigang usapin ng sining.

Ang proyekto ay nagtatangkang palaganapin ang mga pagkakataong makalikha at makagawa sa bagong paraan ng pagtutulungan o *collaboration*, higit na makapag-isip pa ng halaga ng sining at kultura sa panahon ng pandemya at hanggang sa panahong ang pandemya ay lumipas na. Ito ay nagbibigay-diin ng may kaakibat na masinsinang kaisipan sa kahalagahan ng ating pagkakaiba-iba at magkakaibang kultura, sa gitna ng kakaiba ring kapanahunan. Kaakibat nito, ang proyekto ay sumusubok o nagsasagawa ng *experiment* at tumutuklas kung paano ipasa at isalin ang mga kaisipan o *concept* mula sa isang pinagmumulan patungo sa ibang kahihinatnan — mula sa pisikal na anyo ng programa nung ito ay nasimulan, patungo sa kasalukuyang himpilan ng espasyong *digital*.

Saan Ako Nagmumula ay nagpapapalahok ng mga komunidad na may bukas na paanyaya na pangunahan ng mga tao ang mga sarili nilang salo-salo tuwing Linggo, upang mapaunlakan din ang mga manunuod na matutunan ang mga putahe ng bawat kultural na pangkat na kasali at magbigay-daan sa pagkakataong maihanda rin nila ito sa sarili nilang mga tahanan.

Saan Ako Nagmumula - curated by _inventory Platform, Rhine Bernardino & Linda Rocco.
#WICF #WhereImComingFrom

Manlilikha: Aderemi Adegbite, Taiwo Aiyedogbon, Jelili Atiku, Rhine Bernardino, Kuan-Yu Chen, Aki Pao-Chen Chiu, Yun Ling Chen, Fatima Mazmouz, Gouri Mounir, Lilibeth Cuenca Rasmussens, Aïcha El Beloui, Vanessa Scully

Mag-*sign up* sa aming *newsletter* dito (hyperlink to info@guestprojects.com) o maaari ninyo rin kaming matagpuan sa instagram, Facebook at twitter @guestprojects @inventoryplatform @pineapplelabph

TALAMBUHAY

Si **Lilibeth Cuenca Rasmussen** (ipinanganak noong 1970 sa Maynila) ay isang manlilikha na may sari-saring disiplina na kasalukuyang nakabase sa Copenhagen. Ang kanyang trabaho ay base sa pinaghalong personal na pangungumpisal at pulitikal na kompromiso na sinapit ang mga isyu na gaya ng mga pagkakakilanlan, kasarian, at lahat ng ugnayang panlipunan. Sa pamamagitan ng kanyang kasanayan, naglalayag si Cuenca Rasmussen sa iba't-ibang klaseng mga reyalidad at mga kasukdulan, at maingat na nililikha ang mga pagganap sa teatro, mga bidyo ng musika, at mga sariwang dokumentaryo. Noong 2011, isinama ni Cuenca Rasmussen ang kanyang *Afghan Hound* sa Venice Biennale sa Danish Pavilion. Noong 2012 ay ginawaran siya ng Eckersberg Medal. Kasama sa kanyang mga bagong pagtatanghal ng mga trabaho ang *Paghahalo ng Lahi* (solo) sa Charlotte Fogh Gallery, sa Aarhus, sa Seafocus Art Fair Singapore kasama ang Drawing Room, sa Singapore Biennale, at sa SAM, Singapore nitong 2020; *Personal na Balangkas, PANAHON ESPASYO PAG-IRAL* sa Palazzo Mora na may suporta ng GAA Foundation sa Venice noong 2019; *Mula dito kami tatayo - Pambansang Pagkakakilanlan* (solo) sa Horsens Art Museum sa Denmark noong 2019.

Si **Vanessa Scully** (1982) ay isang Australyana na manlilikha at filmmaker na nakabase sa London, at ang kanyang trabaho ay naka-angkla sa pelikula, bidyo, at arkibos. Ang pamamaraan ni Scully sa pagpepelikula ay pluralistiko at nakatali sa lipunan. Nagtatrabaho siya sa panahon at espasyo na sinisiyasat ang mga salaysay na nasa gilid na kaugnay sa paggawa, sa kalikasan, at sa katutubong dunong. Ang kanyang mga proyekto kamakailan lang ay sinisiyasat ang kanyang halo-halong lahi bilang isang tao na may kulay. Kasama nito ang *Pag-decolonize kay Marisa* noong 2019; *Ang Mail-Order Bride* at ang *Marisa 4.0* noong 2018; ang *Katulong sa Mayfair* noong 2017; at ang *Mga Iniluwas na mga Pinoy mula A hanggang Z* noong 2015. Si Scully ay isa ring filmmaker at programmer na nakabase sa komunidad. Sinusuportahan niya ang mga grupo na may mga pelikula at mga kampanya ng pakikibaka, kasali ang pagsuporta sa Ang Boses ng mga Domestic Workers na may iba't-ibang kampanya na kasama ang 'Iligtas si Jennifer Delquez' at 'Visa na Saliwa ang Pagkatali' noong 2017. Nagtapos si Scully ng MA sa Eksperimental na Pelikula mula sa Kingston School of Art noong 2019, BA sa Fine Arts mula sa Chelsea College of Art noong 2012, at nagkamit ng Diploma sa Sining Biswal sa TAFE noong 2003 at Certificate III sa Community Radio Broadcasting mula sa Community Broadcasting Association ng Australia noong 2004.

Si **Rhine Bernardino** ay isang manlilikha, curator, at tagapagsaliksik na may karanasan sa pagpepelikula. Siya ang kauna-unahang manlilikhang Pilipino na may MA Fine Art degree sa iskultura sa Royal College of Art, kung saan siya ay ginawaran ng itinuturing na mataas na Abraaj-RCA Innovation Scholarship. Si Rhine ay nakapag-curate na at nakapagtanghal ng kaniyang trabaho sa iba't ibang parte ng mundo lalo na sa Europa at Asya. Kasama nito ang mga komisyon ng mga pampublikong trabaho katulad ng sa Nine Elms sa South Bank. Inanyayahan na si Rhine na sumali sa ilang internasyonal na art residencies at mga programa ng sining. Nitong bago lang ay naging parte siya sa Programa Para

Sa Mga Pinuno ng Hinaharap ng Arts Council ng Australia at sa Programa Para Sa Mga Internasyonal na mga Bisita ng Office of Contemporary Art (OCA) ng Norway. Siya'y malawak na nananaliksik sa larangan at lumilikha ng pag-karta sa mga kolektibo ng sining, alternatibo na mga espasyo at mga proyektong nakabase sa mga komunidad sa iba't-ibang parte ng mundo. Malaking parte nito ay nakatuon sa paggawa ng mga modelo ng holistikong pamumuhay sa katubigan na ginagabayan ng katutubong dunong. Mahal ni Rhine ang pagsasayaw, mga puno, at ang karagatan.

Kusinang Pinoy

Pakikibaka, pakikilahok, at pagkain ang mga katagang nagbubuklod sa grupo.

Kahit nagmumula sa iba't ibang landas ng buhay, nakatakda na magtagpo sila sa Kanlungan (Organisasyon ng mga Pilipino). Lahat ng kalahok ay likas mula sa bansang Pilipinas. Kasarian, katauhan, at ang pinapatunguhan ay hindi kailanman naging paksang hadlang upang makabuo ng pagsasama-sama at pagkakaibigan.

Helen Bulusan, tagapangulo ng organisasyong pangkababaihan ng *Gabriela London*. Ang kanyang pangkat ay nagsusulong ng kakayanan sa pag-unlad, patas na karapatan, at pagkamit ng hustisya para sa mga kababaihan sa Pilipinas. Siya ay nagmula sa probinsya ng Antique at isang ina sa tatlong mga anak.



Niel Camilon, arkitekto at miyembro ng komunidad ng LGBT, mula sa probinsya ng Iloilo ng bansang Pilipinas. Nangibang-bayan sa UK kapiling ang kanyang kabiyak. Nakilahok siya sa pagpapadala ng mga pagkain para sa mga Pilipinong manggagawa sa mga pagamutan na naapektuhan ng *panic-buying* noong nagsisimula pa lamang ang pandemya sa UK. Ang pagluluto ng pagkaing Pilipino ang kanyang naging paraan upang gumaan ang dinudulot na pakiramdam ng pagkalayo sa sariling bayan o *homesickness*.

Anna Caunceran, manggagawang pambahay o *domestic worker* na nakaligtas mula sa *human trafficking* sa UK. Nagmula sa probinsya ng Mindoro ng bansang Pilipinas, at isang ina sa apat na anak. Si Anna ay isa sa mga kabahagi ng kampanyang *#statusnow4al (Regularisation of Undocumented in the UK)* at kasalukuyang lumalaban upang makamit ang kanyang legal na katayuan sa UK.

Phoebe Dimacali, tagapangulo ng *Filipino Domestic Worker Association UK*. Ang kanyang organisasyon ay sumasaklolo at tumutulong sa mga manggagawang pambahay o *domestic worker* na nabiktima ng *human trafficking* at pang-aalipin sa makabagong mundo o *modern day slavery* sa *UK*. Siya ay isang ina sa dalawang mga anak at nagmula siya sa Bulacan.